COVID-19

PAANO MAKAKUHA NG BAKUNA MO

Tiyaking makuha ang bakuna mo kapag ikaw ay kwalipikado na para maging protektado. Kung hindi mo magawa ang prosesong ito sa online, kontakin ang Vaccine Helpline ng Nevada, sa 1.800.401.0946. Kung magaling ka sa computer at may kilala ka na maaaring nahihirapan sa prosesong ito, pakisuyong alukin sila ng tulong.

HAKBANG 1: MAGHANAP NG LOKASYON SA PAGPAPABAKUNA

- Lahat ng lokasyon sa pagpapabakuna sa inyong lugar ay matatagpuan sa nvcovidfighter.org, County-Specific page, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Vaccine Helpline ng Nevada, sa 1.800.401.0946, 8am hanggang 8pm, 7 araw sa isang linggo (Available ang mga nagsasalita ng maraming wika).

HAKBANG 2: MAGPAREHISTRO SA WEBSITE

- Kapag may natukoy ka nang lokasyon, pumunta sa website ng lokasyon upang gawin ang iyong appointment.
- Para sa mga 16-17 taong gulang, beripikahin na ang lokasyon ay nag-aalok ng Pfizer na bakuna, ang tanging aprubado para sa 16+ (Sa ngayon, walang naaprubahang bakuna para sa mga wala pang 16).
- Maaaring kailangan mong gumawa ng user profile at sumagot ng mga tanong tungkol sa pagiging kwalipikado mo.

HAKBANG 3: PUMILI NG PETSA/ORAS NG APPOINTMENT

- Kapag nakapagrehistro na, maghanap ng available na appointment.
- Maaaring kailangan mong subukan nang paulit-ulit sa iba't ibang lokasyon.
- Habaan ang pasensiya. Dahil sa tumataas na produksiyon ng bakuna kamakailan, malapit ng magkaroon ng maraming suplay at bakanteng mga appointment.

HAKBANG 4: MAGHANDA PARA SA IYONG APPOINTMENT

- Kung may mga form, kumpletuhin ito bago ang appointment o dumating nang maaga para kumpletuhin ito.
- Kung hindi mo magawa ang appointment, mangyaring magkansela.

HAKBANG 5: MAGDALA NG ID/BERIPIKASYON

- Kailangan mong magpakita ng isang ID.
- Protektado ang iyong privacy.
- Ang iyong personal na impormasyon ay hindi ibabahagi sa pamahalaang pederal.

HAKBANG 6: MAG-ISKEDYUL NG PANGALAWANG DOSIS (KUNG NAAANGKOP)

- Iskedyul ang pangalawang dosis mo kung iyong matanggap ang Pfizer o Moderna na bakuna.
- Upang makakuha ng paalala sa pangalawang dosis, mag-sign up sa VaxText sa pamamagitan ng pag-text sa **MAG-ENROLL sa 1.833.829.8398.**
- Upang alertuhin ang CDC sa anumang side effect, **mag-sign up sa vsafe.cdc.gov.**

HAKBANG 7: KUMUHA NG PANGALAWANG DOSIS (KUNG NAAANGKOP)

- Kung matanggap mo ang Pfizer o Moderna na bakuna, tiyaking kunin ang iyong pangalawang dosis sa nakaiskedyul na petsa upang lubos na maging protektado.
- Kung matanggap mo ang Janssen na bakuna, lubos ka nang nabakunahan pagkatapos ng unang dosis.

Maghanap ng lokasyon sa pagpapabakuna
nvcovidfighter.org | 1.800.401.0946